# Balitang Manmin

BILANG 79 MARSO 3, 2013


# Tuwing Araw ng Panginoon,

## Tinatamasa ng Manmin ang Tunay na Kapahingahan at Kagalakan ng Espiritu



Mga Litrato Tuwing Araw ng Panginoon, nangangaral si Dr. Jaerock Lee ng makapangyarihang mensahe at nagtatanghal ang komite ng sining ng iglesya na nagpapaalala ng Langit. Dahil naglilingkod sila sa isa't isa, mayroong kasiyahan at kaligayahang mula sa langit ang mga kaluluwa ng mga miyembro. 1: Pagsamba sa Linggo ng Umaga 2: Choir at Nissi Orchestra 3: Panimulang pagpupuri bago magsimula ang Pagsamba sa Linggo ng Gabi 4: Espesyal na pagtatanghal ng White Stone Choir 5: Pananghalian para sa mga bagong dating 6: Pagpupulong ng mga cell-group (maliliit na grupo) 7: Grupo ng 'volunteers' ng Manmin, tumutulong sa mga naka-silyang may gulong

Hindi maikukumpara sa kahit na anuman ang tunay na kapayapaan at mga biyaya na nakakamit sa pananatiling banal ng Sabbath – kayamanan, kaluwalhatian sa mundo, at katanyagan man.

Ang 'pananatiling banal ng Sabbath' ay pagkilala sa dakilang kapangyarihan ng Diyos. Nilulutas ng Diyos ang mga problema natin kapag pinapanatili natin ang kabanalan ng Sabbath. Hinahayaan Niyang maging mabuti ang lahat ng bagay para sa atin, at binibigyan tayo ng kalusugan habang sumasagana ang mga kaluluwa natin. Ibig sabihin, kung pananatilihin nating banal ang Sabbath, papamahalaan ng Diyos ang lahat ng bagay na may kinalaman sa atin tulad ng pagsagana ng kaluluwa, kalusugan, mga anak, trabaho – lahat-lahat. Ito ay para tamasahin natin ang tunay na kaligayahan at kapahingahan ng espiritu at katawan. Mapoprotektahan din tayo mula sa mga aksidente, karamdaman, at kahirapan sa buong linggo. Nakasulat ito sa Isaias 58:13-14.

Ang lahat ng miyembro ng Manmin, kasama ang mga miyembro sa mahigit-kumulang 10,000 sangay at katuwang na iglesya, ay nag-aalay ng unang pagsamba sa Linggo ng umaga sa ganap na ika-10:00 ng umaga sa pamamagitan ng internet at ang pinakamahalagang pagsamba sa araw ding iyon sa ganap na ika-11:30 ng umaga (oras ng Korea) sa GCN TV (pinapamunuan ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee).

Kadalasan, si Dr. Jaerock Lee ang nangangaral sa mga pagsamba. Ang mga mensaheng ipinapangaral ay ibinibigay ng Diyos kay Dr. Lee sa hindi mabilang na pag-aayuno at pananalangin na isinasagawa niya. Nilalaman ng mga mensaheng ito ang kalooban ng Diyos. Sa kasalukuyan, inihahatid niya ang serye ng sermon na "God Measures Our Faith" (Sinusukat ng Diyos ang Pananampalataya Natin) at "Lectures on 1 John" (Mga Aralin Tungkol sa 1 Juan). Hindi lang ang serye ng mga sermong ito ang nakakatulong kundi pati ang iba pa niyang sermon para maipasa natin ang unang antas ng pananampalataya patungo sa antas na 'nakatayo sa bato ng pananampalataya' (matibay na pananampalataya), para mapuspos ang espiritu natin at maging banal tayo. Ipinapakita din sa pag-aaral kung paano isasabuhay ang Salita ng Diyos sa araw-araw na mga situwasyon at kung paano tatanggap ng mga biyaya. Dahil dito, napupuno ng mga pagpapala at mga biyaya ang mga miyembro.

Ang mga mensaheng ipinapangaral ay nagpapaalala din sa mga miyembro tungkol sa mga kasalanan. Nalalaman ng iglesya ang kalooban ng Diyos na nagnanais ng mga banal na anak. Sa pamamagitan ng salitang tumatagos sa pinaghihiwalayan ng kaluluwa at espiritu at ng mga kasukasuan at ng utak sa buto, nadadama ng mga miyembro ang malalim na pag-ibig ng Diyos kaya nagbabago sila. Puno na sila ng pag-asa para sa Langit.

Pagkatapos ng pagsamba sa Linggo ng umaga, nagaganap ang pagsasamasama ng mga miyembrong mananampalataya. Nagtitipon sa kanya-kanyang lugar ang mga miyembro ng misyon ng mga kalalakihan, misyon ng mga kababaihan, Canaan Mission, misyon ng Young Adults, Foreigners' Parish, Chinese Parish, misyon para sa mga may kapansanan sa pandinig, at ang Love of the Lord Mission (ito ang grupo ng mga tumakas mula sa North Korea). Nananghalian sila at nagkakasayahan dahil sa pananampalataya.

Bago magsimula ang pagsamba sa gabi na nagsisimula sa ika-3:00 ng hapon, nagsisi-awit na ng papuri ang mga miyembro para paghandaan ang pagsamba. Binubuksan nila ang mga puso nila at naghahangad ng mga pagpapala. Sa pagsamba, umaawit ang choir ng mga papuri habang tumutugtog ang Nissi Orchestra. Pagkatapos, sunod-sunod na ang mga espesyal na pagtatanghal – mga makabagong sayaw, tradisyunal na sayaw, sayaw ng pagsamba, pagtugtog ng iba't ibang instrumento, mga klasikong tugtugin ng Korea, at ballet. Dahil dito, naaantig ang damdamin ng mga miyembro. Nagbubukas ang mga puso nila at masaya nilang tinatanggap ang Salita ng Diyos. Sa mga pagtatanghal na ito, napupuno ng pagpapala ang mga pagsamba, at ang Diyos ay mas niluluwalhati ng mga miyembro.

Ang iglesya natin ay mayroong Nissi Orchestra na nakatuon sa pagtugtog ng papuri; may limang choir; 25 grupong nagtatanghal; at 20 soloista. Inilaan sila para mag-alay ng papuri at pagtatanghal na kinalulugdan ng Diyos.

Ang pangalawang pagsamba sa Linggo ng umaga at sa gabi ay sabayang isinasalin sa pitong wika – Ingles, Ruso, Kastila, French, Hapon, Mongolian – para sa mga miyembrong taga-ibang bansa sa loob at labas ng Korea. Mayroon ding 'sign language' para sa mga may kapansanan sa pandinig.

May mga nagaganap ding hindi mabilang na makapangyarihang pagkilos ang Diyos sa Manmin Central Church sa pamamagitan ng pananalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee. Malaking tulong sa paglago ng pananampalataya ang pakikinig sa mga patotoo ng mga miyembro tungkol sa paggaling, pagtanggap ng mga kasagutan at mga biyaya. Ibinabahagi nila ang mga natututuhan nila tungkol sa Salita ng Diyos dahil sa mga mensaheng ipinapangaral at idinadalangin nila ang isa't isa. Sa pamamagitan nito, nagkakaroon sila ng espirituwal na ugnayan sa isa't isa na parang tunay na magkakapamilya.

Dahil inihahandog sa Diyos ng mga miyembro ng Manmin ang Araw ng Panginoon at pinapanatili itong banal, mayroon silang proteksyon at mga biyaya mula sa Kanya bawat linggo.

# Ang Pag-ibig ay Magandang-Loob

"Ang pag-ibig ay matiisin at magandang-loob; ang pag-ibig ay hindi maiinggitin, o mapagmalaki o hambog." (1 Mga Taga-Corinto 13:4)

Sa eksperimentong ginawa ni Harry Frederick Harlow, isang Amerikanong sikologo (psychologist), pinaalagaan niya ang mga bagong panganak na unggoy sa dalawang klaseng 'nanay' na unggoy. Pareho itong naglalabas ng gatas. Ang isa sa kanila ay gawa sa alambre na walang balot. Ang isa naman ay alambreng nilagyan ng hugis at binalutan ng malambot at mainit na tela. Sa unang araw, dumede ang maliliit na unggoy sa dalawang 'nanay' na unggoy. Pero, nang sumunod na araw, lumapit at kumapit na sila sa 'nanay' na binalutan ng malambot at may pampainit na tela.

Ipinapakita ng eksperimentong ito na pipiliin din na mga hayop ang malalambot na bagay kaysa sa malalamig at matitigas. Pareho din sila ng mga tao, na tinatawag na 'mga panginoon ng lahat ng nilalang'. Pipiliin nilang makasama ang mga taong may magandang-loob kaysa sa matatapang at masasama.



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

### 1. May magandang-loob na tumatanggap ng lahat ng tao

Ang espirituwal na kahulugan ng 'magandang-loob' ay ang kaloobang tumatanggap sa lahat ng klaseng tao. Pwede silang mamahinga dito. Para mas maunawaan ito, isipin ninyo ang bulak. Wala itong ingay kahit tamaan ito ng matigas na bagay. Sa halip, babalutin pa nang kalambutan nito ang matigas na bagay na iyon.

Ang magandang-loob ay pwede ring itulad sa isang malaking puno na malago ang mga sanga at dahon. Maaaring magpahinga ang mga tao sa ilalim nito. Kapag panahon ng tag-init, sisilong ang mga tao dito para maiwasan ang matinding sikat ng araw at para magtuyo ng pawis.

Iniisip ng mga makamundo na nagpapakita ng magandang-loob ang isang taong mahiyain, hindi nagpapakita ng galit, at hindi ipinipilit ang opinyon. Pero ang magandang-loob na nakikita ng mga tao ay iba sa tinatanggap ng Diyos. Hindi maaaring sabihin na maganda ang kalooban natin kung hindi ito kinikilala ng Diyos, kahit gaanong bait at habag ang ipinapakita natin.

Ipagpalagay nating may isang taong walang kibo at malamya. Sinusunod niya ang opinyon ng ibang tao, pero may itinatago siyang galit sa puso niya. Hindi natin pwedeng sabihing maganda ang kalooban niya dahil lang naiitago niya ang kasamaan ng ugali niya.

Ang taong may tunay na magandang-loob ay hindi masama, marunong, at nagmamahal din ng masasamang tao. Hindi ito nangangahulugang magpapatawad tayo ng walang pasubali at pagtatakpan natin ang mga kamalian ng iba. Dapat din natin silang turuan na gawin ang tama pero may respeto. Ibig sabihin, ang espirituwal na kagandahang-loob ay ipinapakita sa kabutihan.

### 2. Kabanalan ang batayan ng magandang-loob

Para makamit ang espirituwal na magandang-loob, dapat muna nating tanggalin ang kasamaan sa puso natin at magpakabanal. Parang bulak ang mga taong may magandang-loob, wala silang kaaway, kahit ginugulo sila ng ibang tao. Maayos ang pakikitungo nila sa iba. Hindi sila nakikipagtalo o nanggugulo dahil hindi sila masama.

Kung ang puso natin ay may galit, selos, inggit, mapagmatuwid, at makasarili, hindi natin mamahalin ang ibang tao. Sa halip na parang bulak, sila ay parang bato na maingay at nakakabasag kapag tumama sa salamin o bakal. Kung makasarili tayo, madali tayong masaktan. Huhusgahan at hahatulan natin ang ibang tao sa halip na palampasin na lang ang pagkukulang nila.

Kung masama tayo hindi natin mapapalago ang tapat na puso. Makitid ang pag-iisip ng mga taong ganito. Nagagalit sila kung pagsasabihan. Samakatwid, ang pangunahin batayan sa magandang-loob ay ang kabutihan.

Kinikilala ng Diyos na may magandang-loob ang isang tao pagkatapos niyang mapabanal. Dahil kapag mabuti ang kalooban natin, mamahalin natin ng totoo ang ibang tao.

Ang isang taong may magandang-loob ay nahahabag sa iba sa kahit na anong situwasyon. Hindi sila nanghuhusga at nanghahatol, nauunawaan nila ang mga ito nang may kabutihang loob at pag-ibig. Naaaliw sa kanila ang mga tao. Higit pa riyan, kapag lubos na napabanal na ang isang tao, maaari na siyang gabayan ng Banal na Espiritu kaya madadala na rin niya ang iba sa tamang daan.

### 3. Kabutihan na nagpapadalisay sa magandang-loob

Ang kahulugan ng kabutihan dito ay ang pagkakaroon ng kalooban o ugali na umuunawa at tumatanggap sa kapwa nang walang pinapanigan. Sila ay matuwid, tama ang ginagawa nila. Ganito rin ang espirituwal na kahulugan nito.

Ang mga taong mabuti ay matuwid at gumagawa ng tama. Hindi nila pinipilit ang ibang taong sumunod sa kanila sa pamamagitan ng pagpapakita ng kalakasan nila. Hindi sila nagsisinungaling at kagalang-galang ang pagkilos nila. Nalulugod ang iba sa kanila dahil inuunawa at tinatanggap nila ang iba kahit may mga pagkukulang pa sa kanila ang mga ito. Pinapalakas nila ang loob ng mga tao kaya minamahal sila ng mga ito.

Ang kabutihan ay parang isang damit na nagpapadalisay ng magandang-loob. Kahit gaano pa kayo kaganda kung madumi naman ang suot ninyo, hindi kayo kagalang-galang. At kung hindi kayo mabuti, hindi makikita ng ibang tao ang magandang-kalooban ninyo.

Halimbawa, may isang taong may magandang-loob, pero paliguy-ligoy siyang magsalita. Hindi siya masama, pero hindi mabuti ang asal niya. Nababawasan ang tiwala ng mga tao sa kanya dahil dito. Ang isa naman ay walang sama ng loob at hindi siya nananakit dahil may magandang-loob siya, pero hindi siya tumutulong at wala siyang konsiderasyon sa ibang tao. Maaaring sabihing kulang siya sa kabutihan.

Paano kung nakipagsaya lang si Jesus sa mga alagad Niya, kung nakipagbiruan, nagsuot ng hindi tamang kasuotan at naghilahod ng sandalyas sa daan? Mahihirapan ang mga tao na igalang o respetuhin Siya. Pero nakitang marangal at makapangyarihan Siya, kaya nirespeto Siya ng mga alagad Niya at ng ibang tao. Nakasulat sa Mateo 12:19, "Hindi Siya makikipagtalo, o sisigaw, o maririnig ng sinuman ang Kanyang tinig sa mga lansangan."

Kung hindi maganda ang kulay at amoy ng isang bulaklak, hindi ito mahahanap ng mga bubuyog kahit marami pa itong nektar. Parang ganito rin ang mangyayari kung hindi mabuti ang mga sinasabi at ginagawa natin, kakaunti ang mga taong lalapit sa atin, kahit may magandang-loob tayo. Hindi kasi nakikita ito. Sa kabilang banda, kung hindi naman tayo tunay na mabuti, pero parang banal tayo kung titingnan, pagkukunwari lang ito.

### 4. Mga biyayang ibinibigay sa mga taong may magandang-loob

Anong mga biyaya ang tatamasahin natin kapag napabanal tayo at may magandang-loob na may kabutihan? Sinasabi ng Mateo 5:5, "Mapapalad ang mga mapagkumbaba, sapagkat mamanahin nila ang lupa." Mga Awit 37:11, "Ngunit mamanahin ng maaamo ang lupain, at masisiyahan ang kanilang sarili sa lubos na kasaganahan."

Ang tinutukoy na "lupa" dito ay ang mga tirahan sa langit at ang "mamanahin ang lupa" ay nangangahulugang mayroon silang dakilang kapangyarihan sa Langit. Ang dahilan nito ay sapagkat ang mga taong maaamo at may magandang-loob ay nagbibigay ng lakas at pagpapala sa mga kaluluwa. Sinusunod nila ang kalooban ng Diyos. Kung may magandang-loob at maamo tayo, mas maraming kaluluwa ang lalapit sa atin at madadala natin sila sa daan patungo sa kaligtasan.

Kung maraming tao ang lumalapit sa atin, nangangahulugan itong nagpakumbaba tayo at naglingkod sa kanila. Ang kapangyarihan sa Langit ay ibinibigay sa mga mapagkumbaba at naglilingkod. Nakasulat sa Mateo 23:11, "Ang pinakadakila sa inyo ang magiging lingkod ninyo," magiging dakila kayo kapag naglingkod kayo sa iba.

Ang mga taong may magandang-loob ay tatamasa ng kapangyarihan sa langit at mamanahin ang malawak na lupain. Dahil masagana ang mga kaluluwa nila, magiging maayos at mabuti ang lahat ng bagay sa buhay nila, mamahalin sila ng Diyos at igagalang ng hindi mabilang na mga kaluluwa sa Langit magpakailanman.

Mahal kong mga kapatid, nalulugod ang Diyos sa mga taong walang kasalanan at banal. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na pangangalagaan ninyo ang magandang-kalooban, kabutihan at mabilis na pagpapabanal, para maraming tao ang lumapit sa inyo dito sa lupa. Kung gagawin ninyo ito, magiging dakila kayo sa Langit.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church

Address: 235-3, Guro-Dong3, Guro-Gu, Seoul, Korea (152-848)
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: www.manmin.org/english
Email: manminministry@gmail.com
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Ang Mabangong Samyo ng Ating Panalangin

Tanong: Anong klaseng panalangin ang malugod na tinatanggap ng Diyos at paano nagkakaiba ang mga panalangin sa harapan ng Diyos?

Sa Apocalipsis 8:3-4, sinasabi, "Dumating ang isa pang anghel at tumayo sa harap ng dambana, na may hawak na isang gintong lalagyan ng insenso; at binigyan siya ng maraming insenso, upang idagdag ito sa mga panalangin ng lahat ng mga banal sa ibabaw ng dambanang ginto, na nasa harapan ng trono. At umakyat ang usok ng insenso, kalakip ang mga panalangin ng mga banal, mula sa kamay ng anghel patungo sa harapan ng Diyos." Ang ibig sabihin nito ay – inilalagay sa isang gintong insenso ng isang anghel ang panalangin ng mga banal, mga tunay na mananampalataya kay Cristo, at iniaakyat ito sa harapan ng Diyos.

## Ang 'Lapot' at pagiging 'Puro' ng Samyo ng Panalangin ay Magkakaiba Ayon sa Sukat ng Pananampalataya

Ang sukat ng insenso na pinaglalagyan ng samyo ng panalangin ay magkakaiba. Tinatanggap at inilalagay ng mga anghel ang samyo ng panalangin ng bawat isa sa mga gintong insenso kapag nananalangin tayo sa Diyos sa pangalan ni Jesu-Cristo. Ang insenso ay malapad pero hindi malalim. Magkakaiba ang laki nito sa bawat tao.

Ang dahilan nito ay sapagkat ang 'lapot' at pagiging 'puro' ng samyo ng panalangin ng bawat isa ay magkakaiba – depende ito kung malapit na nilang matularan ang kalooban ng Diyos at kung nakamit na nila ang mas mataas na antas ng pananampalataya.

Ang panalangin ng isang tao ay maaaring may samyong kasing lapot ng 'waterfall' o talon habang ang sa isa naman ay kasing labnaw ng hamog. Kaya ang bilis ng pagsagot sa nakatakdang bilang ng panalangin ay magkaiba kahit sabay silang nanalangin sa magkasing haba ng panahon. Ang panalangin ng perpektong pananampalataya at pag-ibig na mula sa puso ay malapot at puro, kaya napupuno agad nito ang nakatakdang bilang, mabilis ang sagot sa mga panalanging ito. Samantala, malabnaw ang mga panalangin ng masasamang tao at hindi puro. Kaya matagal bago sagutin ang mga panalangin nila. Kaya huwag tayong huminto ng paghahandog ng samyo ng kabutihan sa mga panalangin natin na katanggap-tanggap sa Diyos sa lahat ng oras.

Ang mabangong samyo ng panalangin ng bawat isa ay magkakaiba. Depende ito kung gaano na ang pagbabago ng puso nila. Ipagkumpara natin ang pag-ibig para sa Diyos at ang kabutihan sa mga sumusunod na panalangin.

Halimbawa 1. "Diyos ko, patawarin Mo ako. Sinisiyasat kong mabuti ang buhay ko. Akala ko, ginawa ko na ang lahat para palawigin ang kaharian Mo at akala ko, sapat na ito. Maraming panahon na ang nakaraan at ngayon, nahihiya ako dahil nawala na ang hangarin kong mapabanal. Ikinalulungkot ko ito. Hiyang-hiya ako."

Halimbawa 2. "Saan matatapos ang kasamaan ko? Napakasama ng isipan ko! Maawa Ka sa akin, o Diyos. Sumuway ako, at dahil dito naging bilanggo ang puso at isipan ko. Kahit sikapin ko itong iwaksi, iniisip na 'Hindi ko ginusto ito', patuloy pa ring bumabalik sa akin ang mga saloobin at emosyon, sinasambit ko pa ang mga ito. Tulungan Mo ako! Patawarin Mo po ang kahangalan ko at ang hindi ko pagsunod."

Halimbawa 3. "Wala akong ginawa pero umaapaw ang pagpapala mula sa Diyos sa puso ko. Ipinapakita nito kung anong klaseng lugar ng pag-ibig ang inihahanda ng pastol para sa akin. Masayang-masaya akong ihandog ang puso ko sa Ama at maging daluyan ng kaligayahan ng mga kaluluwa. Hindi ko makakalimutan ang pag-iyak ng pastol at susulong ako at hindi aatras para magsilbing kalakasan ng pastol."

Halimbawa 4. "Ama, nararamdaman ko na ngayon. Natanto ko kung anong ibig sabihin ng pagluha ng pastol. May init ang ngiti niya sa akin, naghihintay at umaasa sa mahabang panahon sa pagbabago ko. Sino ba ako at hinayaan ng Ama na makilala ko ang pastol, magbago at tumatak ang mga luha niya sa puso ko? Salamat, Ama. Magpapatuloy ang pagtakbo ko sa daan patungo sa magandang lugar nang walang pahinga."

Halimbawa 5. "Iniisip ko ang pagpapala na ibinibigay sa akin ng Ama. Hindi ito masukat. Wala akong naibigay sa Iyo, pero minahal Mo ako at binigyan ako ng maraming pagpapala. Naisip ko na marami akong pagkukulang. Sinabi sa akin ng pastol na makakaya at magagawa ko ito. Naririnig ko pa ang mga salita niya sa akin tungkol sa pag-ibig. Ang hindi paghinto ng pagluha ko ay ang pasasalamat ko sa pastol, ang pag-asa ko sa Bagong Jerusalem, at ang paghahangad ko sa Panginoon."

## Ang Paghahandog ng Mabangong Samyo ng Panalanging Tinatanggap ng Diyos

**Una, ang panalangin ay dapat maging magalang at may takot sa Diyos. Ito ay dapat magmula sa puso at kaluluwa, sa kaibuturan ng inyong kalooban.**

Ito ay panalanging mayroong hindi nagbabagong pananampalataya na parang ginto at may kasamang mga gawa sa pagsasabuhay ng Salita ng Diyos. Ibig sabihin, ito ay panalangin ng mga banal. Tinatawag na banal ang isang taong mayroong katangi-tanging kabanalan at kabutihan. Siya ay anak ng Diyos, nabubuhay sa Salita Niya, at sumusunod sa kalooban Niya. Kung mayroong mga taong nagsisimba at hindi isinasabuhay ang Salita ng Diyos, hindi magiging mabangong samyong mula sa puso ang mga panalangin nila.

**Pangalawa, ang panalanging tinatanggap ng Diyos ay dapat may pag-ibig.**

Ang panalanging ito ay inihahandog nang may pagmamahal sa Diyos at sa mga kaluluwa. Kung mayroon kayong espirituwal na pag-ibig at pananampalataya, ipapanalangin ninyo ang mga espirituwal na bagay nang mas maalab kaysa sa ibang mga bagay. Sa madaling salita, ipapanalangin ninyo ang katarungan at ang kaharian ng Diyos bago ninyo ipanalangin ang pamilya, mga gastusin, at kalusugan ninyo.

Pero may mga mananampalataya at matagal nang mga Cristianong nagsasabi na wala silang maipanalangin para sa kaharian ng Diyos at hindi maalab ang puso nila sa pananalangin ng mga bagay na ito. Ang panalangin nila ay hindi masasabing mabangong samyo sa harapan ng Diyos. Ganito rin ang masasabi sa mga panalangin ng mga taong may ibang iniisip habang nananalangin at sa mga taong nananalangin ng maalab kung may nakakakita sa kanila. Kung sisigaw kayo at mananangis sa pananalangin, at ginagawa ninyo ito dahil nakasanayan lang ninyo, hindi ito tatanggaping 'malapot' na samyo ng panalangin. Kung paulit-ulit ang panalangin ninyo, hindi ito mabangong samyo. Ang panalanging nagmumula sa tapat at dalisay na puso ang may mabangong samyo na tinatanggap ng Diyos.

Para makapaghandog tayo ng mabangong samyo ng pananampalataya at pag-ibig, dapat mas mabilis tayong magkaroon ng tapat na puso at perpektong pananampalataya. Umaasa kami na ang mga panalangin ninyo ay magbubunga ng mabangong samyo na naiipon sa harapan ng trono Diyos para maibalik ito sa inyo bilang mga kasagutan at mga biyaya.

# "Binuhay Akong Muli ng Diyos Kahit Wala na Akong Pag-asang Mabuhay Pa"

Diakonesa Hyemin Chae
(New York International Manmin Church, Estados Unidos)



Deaconess Hyemin Chae and her daughters Sonie and Hanie

Noong 2005, lumipat ang pamilya ko sa lungsod ng New York, sa Estados Unidos. Noong Hulyo, 2006, nagkaroon ng krusada si Dr. Jaerock Lee dito. Idinaos ito sa Madison Square Garden, dumalo kami.

Nakita ko ang mga pagsisisi, paggaling at mga himala; ang mga makapangyarihang pagkilos sa kongregasyon. Napuspos din ako ng Espiritu at lumago ang pananampalataya ko. Pero, pagkatapos noon, hindi na ako nanalangin. Habang tumatagal, ang buhay Cristiano ko ay nakikibagay muli sa mundo.

### Dahil sa paulit-ulit na operasyon at sobrang pagdurugo, parang imposibleng mabuhay pa ako

Noong simula ng taong 2012, ipinagbuntis ko ang pangalawa kong anak labindalawang taon pagkatapos noong nauna. Dahil sa 'polyp' (maliit na bukol) sa matris ko, palagi akong dinudugo hanggang sa ika-apat na buwan ng pagbubuntis. Dahil dito, madalas akong isugod sa ospital.

Tinanggap ko ang panalangin ni Dr. Jaerock Lee para sa maysakit sa pamamagitan ng internet. Ipinanalangin ang kalagayan ko gamit ang panyong pinanalanginan niya (Ang Mga Gawa 19:11-12). Hindi nagtagal, tumigil na ang pagdurugo ko.

Noong Nobyembre 6, 2012, mga ika-11:00 ng umaga, ipinanganak ko ang pangalawa kong anak sa pamamagitan ng 'cesarean delivery'. 'Cesarian delivery' din ang panganay ko pero mas matagal ngayon, may dalawang oras, kaya nawalan ako ng malay.

Tumagal ito dahil sa 'lochia', ito ay dugo, mucus, at mga himaymay na galing sa inunan, lumalabas ito sa babae pagkatapos manganak. Hindi ito lumabas noong ipinanganak ko ang aking panganay. Dumikit ito sa inunan at pantog ko kaya nagkaroon ng impeksyon. At nagkadikit-dikit din ang inunan, matris at pantog ko, kaya hindi nakalabas ang inunan.

Sa kabila nito, sinikap ng mga doktor na tanggalin ang inunan kahit mahirap itong gawin. Pero naging mahina ang matris ko, kaya nagdusa ako sa matinding pagdurugo. Siyam na beses akong sinalinan ng dugo at sinubukan nilang maglagay ng 'intrauterine percutaneous balloon compressor' (instrumentong pampatigil ng pagdurugo). Pero hindi ito nakatulong.

Noong ika-9:00 ng gabi, nagsagawa ng 'hepatic artery ligation' para patigilin ang pagdurugo, hindi pa rin ito nakatulong. Sa bandang huli, mga ika-10:00 ng gabi, tinanggal na lang ang matris ko.

Maingat na inihiwalay ng mga doktor ang matris ko sa pantog na nasira, sinikap nilang operahan ito. Walang naitulong ang operasyong ito sa akin. Lumobo ang tiyan ko dahil nagpatuloy pa rin ang pagdurugo. Sa bandang huli, kinailangang operahan ulit ako. Binuksan ng mga doktor ang tiyan ko, tinanggal ang namumuong dugo, at isinara ang maliliit na butas sa likurang bahagi ng pantog. Pero nagpatuloy pa rin ang pagdurugo ko.

### Binuhay akong muli ng panalangin ni Dr. Jaerock Lee na lumalampas sa lugar at panahon

Naghandog ng panalangin at pag-aayuno para sa akin si Pastor James Shim at ang asawa niya. Mga miyembro sila ng New York International Manmin Church. Ganoon din ang ginawa ng pamilya ko sa Korea. Nagsisi sila para sa pamilya kong hindi namuhay ng tamang buhay-Cristiano.

Dahil sa pagpapala ng Diyos, nalaman ni Dr. Jaerock Lee ang tungkol sa kalagayan ko. Nananalangin siya sa bahay niya sa bundok panalanginan. Nabalitaan ko na maalab siyang nanalangin nang may kapangyarihan ng Diyos para sa pagkilos na lumalampas sa lugar at panahon. Sinabi sa akin na huminto ang pagdurugo ko nang sandaling ipinanalangin niya ako. Ito ang kapangyarihang ginamit kay Lazaro, na apat na araw nang patay, at muling binuhay ni Jesus. Hallelujah!

Mabilis ang paggaling ko. Inilipat agad ako mula sa 'intensive care unit' at isinama na sa ibang pasyente pagkatapos lang ng dalawang araw. Pati ang mga doktor ay namangha, sinabi nilang himala na mabuhay akong muli at gumaling kaagad. Sinabi nilang dahil ito sa pagkilos ng Diyos. Ang nangyari sa akin ay naging usap-usapan sa buong ospital.

Bumuti na ang pakiramdam ko magmula nang pauwiin ako mula sa ospital noong Nobyembre 27, 2012. pagkatapos ng pangyayaring ito sa buhay ko, nagsisi ako dahil hindi naging tunay ang pananampalataya ko kahit na naniniwala ako sa Diyos. Hindi rin ako lubos na naniwala sa kapangyarihan Niyang ipinapakita sa pamamagitan ni Dr. Jaerock Lee kahit maraming beses ko na itong nakita.

At, natanto ko na ang buhay sa mundo na walang kinalaman sa Diyos ay walang kabuluhan ng mga walang kabuluhan. At higit pa riyan, binigyan ako ng pananampalataya at pag-asa para sa Bagong Jerusalem, ang pinakamabuting tirahan sa Langit na hindi malinaw sa akin noon.

Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos na bumuhay sa aking muli na nakatakdang mamatay.

# "Binago ng Ebanghelyo ng Kabanalan ang Buhay Ko"

Noong Nobyembre, 2010, binigyan ako ni G. David Lu ng kopya ng *Balitang Manmin*. Namangha ako sa mga patotoo tungkol sa mga bagay na ipinahayag dahil sa kapangyarihan ng Diyos. Pero ang nakaantig ng damdamin ko ay ang sermon ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee. Noon, kapag nagbabasa ako ng Biblia, nahihirapan akong intindihin ang mga talata. Pero ang sermon na nakasulat sa *Balitang Manmin* ay madaling unawain.

Dahil dito, tumatak sa puso ko ang Salita ng Diyos, nagsimulang magbago ang buhay ko. Nagkaroon ng kapayapaan ang pamilya naming mag-asawa. Dati ay madalas kaming hindi magkasundo dahil sa magkasalungat na mga opinyon.

Ipinakilala din sa akin ni G. David Lu si Deborah Tang, ang pangulo ng Manmin Publisher sa Malaysia. Nang makilala ko siya, naging maliwanag sa akin ang kalooban ng Diyos. Dahil sa kanya, pinagsisihan ko ang pagsamba sa mga diyus-diyosan. Itinapon ko ang mga ito tulad ng isang may naka-ukit na dragon. Pagkatapos, nadama namin na malaya na kami, na parang nakawala kami sa mabigat na pasanin. Dumating sa pamilya ko ang tunay na kasiyahan at kagalakan.



Kapatid na Donny Yii Sing Chin (pangalawa mula sa kaliwa) at ang pamilya niya (Sibu, East Malaysia)

Malaki ang pasasalamat ko sa mga programa ng GCN TV at sa mga libro ni Dr. Lee tulad ng *Paglasap ng Buhay na Walang Hanggan Bago ang Kamatayan* at *Impierno*. Malaking tulong ang mga ito sa paglago ng espiritu ko. Noong Abril 11, 2011, nagrehistro ako sa Manmin Central Church sa pamamagitan ng internet. Noong tag-init ng taong 2012, bumisita ako sa Korea para sumama sa retreat sa tag-init ng Manmin.

Gusto kong magsimula ng misyon ng Manmin sa Malaysia para maibahagi ang ebanghelyo ng kabanalan. Gusto kong maging manggagawa na nagbabahagi nito nang maalab at masigasig sa tulong ng mga libro ni Dr. Lee at ng *Balitang Manmin*.

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras
Sampaloc, Manila, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan,
Bataan, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Crystal Lee
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San
Mateo, Isabela, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee  Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant),
Santiago Gen.Trias, Cavite, philippines
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub.
Bayan Luma 7, Imus Cavite,
Philippines
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao
Road, Lapu-Lapu City Cebu,
Philippines
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores
Village, Bangkal, Davao City,
Philippines
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714